

INTERNATIONAL NAPASA (December 23, 2025)

1) UKOL SA TULONG SA GASTUSIN SA PAGBABAKUNA PARA SA MGA MATATANDA

高齢者の予防接種費用補助のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay nagbibigay ng ilang parteng tulong pinansiyal sa gastusin para sa pagbabakuna ng **INFLUENZA** at **NEW CORONA VACCINE** sa mga matatandang may edad na 65 taong gulang pataas. Ang pagbabakuna ng **INFLUENZA VACCINE** ay mula **October 1** hanggang **January 31, 2026** ay nagkakahalaga ng **¥ 1600**.

At ang pagbabakuna ng **NEW CORONA VACCINE** ay nagkakahalaga ng **¥ 2800**. Magpabakuna sa mga **Institusyong Medikal** sa loob ng siyudad. Makikita sa Home Page ng Hiratsuka City ang mga Institusyong Medikal at iba pang mga detalyadong impormasyon. Para sa iba pang katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa **HEALTH SECTION (KENKO KA)** ng Hiratsuka City Office. Telephone Number **0463-55-2111 (0463-55-2111)**.

2) IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚直売会のお知らせ

Sa December 27 (Saturday) ay magkakaroon ng direktang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda at Shonan Shirasu ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 10:00 ng umaga. At ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda.

Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-21-0146 (0463-21-0146)**.

3) IMPORMASYON UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Dahil magsasara ang lugar na bagsakan ng mga paninda, ang isinasagawang **SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET** tuwing ika-apat na linggo ay pansamantalang magha-holiday. Kapag nasiguro na ang lugar ng bagong pagdaraosan ay aming itatala sa Home Page ng Hiratsuka City. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa **INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)**.

4) UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa January 5 ang huling palugit ng ika-apat na bahagi ng bayarin ng **RESIDENT**

TAX. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa **TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769)**.

5) IMPORMASYON UKOL SA EXPIRATION DATE NG “MY NUMBER CARD”

マイナンバーカードの習得支援^{しゅうとくしえん}についてのお知らせ

Ang expiration date ng **MY NUMBER CARD** ay kapareho din ng expiration ng **RESIDENCE CARD**. Sa panahon ng pagre-renew ng inyong **RESIDENCE CARD** ay kinakailangan ring magpa-isyu ng bagong **MY NUMBER CARD**. Para sa iba pang detalye ay makipag-alam sa Hiratsuka City **MY NUMBER CARD COUNTER** Telephone No. **0463-20-9123 (0463-20-9123)**. Maaring humingi ng payo kung may gusto pang malaman.

6) PAGKONSULTA UKOL SA IMMIGRATION CONTROL AT STATUS OF RESIDENCE

出入国管理^{しゅつにゅうこくかんり}と在留資格相談^{ざいりゅうしかいそうだん}のお知らせ

Ang **CULTURAL EXCHANGE SECTION** ng Hiratsuka City ay tumatanggap ng konsultasyon ukol sa Immigration Control at Status of Residence para sa mga dayuhan tuwing ika-4 na Martes ng bawat buwan. Ang oras ay 9:00 hanggang 12:00 ng tanghali. Ang pagpapareserba hangga't maaga ay kinakailangan. Kung may katanungan ukol sa bagay na ito ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-25-2520 (0463-25-2520)**.